



PATNUBAY SA MISA

27 Oktubre 2024

Ika-30 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon B

IIKA-37 LINGGO NG PAGGUNITA SA MGA BILANGGO

“Ang Simbahan Katuwang ang VIPS: Kaagapay sa Pagbabagong Punong-Puno ng Pag-asa”

Noong 1975, bilang katugunan sa isang petisyon mula sa mga bilanggo sa death row ng New Bilibid Prison sa Muntinlupa, itinatag ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) ang Episcopal Commission on Prisoners' Welfare (ECOPRIW). Noong 1998, ito ay tinawag na Episcopal Commission on Prison Pastoral Care (ECPPC), ang ahensya na inatasan upang tingnan ang kapakanan ng mga kapatid nating nasa bilangguan. Noong 1987, itinalaga ng Komisyon ang huling Linggo ng Oktubre bawa't taon bilang araw ng pag-alala at pagtugon sa mga pangangailangan nga mga nasa kulungan at bilangguan.

Ipinapaalala ng mga kaganapang ito ang Ebanghelyo natin ngayon, isang mensahe ng pag-asa at paghilom, katulad ng salaysay tungkol kay Bartimeo na, bagamat isinantabi ng Lipunan dahil sa kanyang kapansanan, ay pinagaling ni Hesus. Hinihimok tayo ng Simbahan na maging kaagapay sa pagbabago na punong-puno ng pag-asa. Sa pagdiriwang natin ng ika-37 Linggo ng Pagkamulat sa Bilangguan, tinatawag tayong abutin ang mga nangangailangan lalo na ang mga bilanggo, at tulongan silang maranasan ang nagliligtas na pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ng ating mahabaging pag-ibig at paglilingkod.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Magdiwang sa Poon natin. Siya ay ating sambahin. Siya ay ating hanapin nang tayo ay palakasin ng mukha niyang maningning.

Pagbati

P– Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

B– Amen!

P– Papuri kay Hesus, ang ilaw ng daigdig na naghahatid ng pananalig sa aming buhay. Nawa ang kanyang biyaya at kapayapaan ay

sumainyong lahat!

B–At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P– Naglakas loob si Bartimeo na humiyaw at humingi ng tulong kay Hesus. Sa ganitong diwa, maglakas at magtiwala tayong humingi ng tulong sa walang kata-pusan na habag at pagmamahal ng Diyos na paulit-ulit na nagbibigay sa atin ng pagkakataon. Suriin natin ang ating mga sarili. (*Manahimik saglit.*)

P– Panginoon walang hanggan ang iyong awa at pagpapatawad sa aming mga kasalanan Panginoon, kaawaan mo kami!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Panginoon walang hanggan ang iyong pagmamahal at patuloy ka sa pagbibigay ng kahalagahan kahit sa mga kinalimutan na nang lipunan!

B– Kristo, kaawaan mo kami!

P– Panginoon walang hanggan ang iyong pang-unawa kaya hindi ka nagsasawang magkaloob ng pagkakataon para sa mga nagkasala!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B –Papuri sa Diyos sa kaitaan sa mga lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinaranggal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, sa Iyo lamang nakalantad ang mga lihim na katotohanan at sa Iyo lamang malinaw kung sino ang walang sala at sino ang may kasalanan.

Kaya’t dinggin mo ang mga panalangin namin para sa mga nasa bilangguan at ipagkaloob mong matiyagang tiisin nila ang hatol na kaparusahan at agad silang makabalik sa mga mahal sa buhay nang walang kabalisan.

Sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Jer 31:7-9
Sa pamamagitan ng mga propeta, tuwinang hinimok ng Panginoon ang mga ipinatapon na umasang darating ang araw ng kanilang paglaya. Matutupad ang ganitong pangako kay Hesus, ang Mesiyas na gumagabay sa sangkatauhan buhat sa pagkakapatapon sa mundong ito tungo sa Ipinangakong Lupa

ng langit.

L –Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Jeremias

Itong ang sinasabi ng Panginoon: “Umawit kayo sa kagalkan alang-alang kay Jacob, ipagbunyi ninyo ang pinakadakilang bansa; magpuri kayo at inyong ipahayag na iniligtas ng Panginoon ang kanyang bayan, ang mga nalabi sa Israel.

Narito, sila’y ibabalik ko mula sa hilaga; titipunin ko sila mula sa mga sulok ng sanlibutan, kasama ang mga bulag at mga pilay, ang mga inang may pasusuhin, pati yaong malapit nang manganak; sila’y talagang napakarami!

Uwi silang nag-iiyakan habang daan, nananalangin samantalang inaakay ko.

Dadalhin ko sila sa mga bukal ng tubig, pararaanin sa maayos na landas upang hindi sila madapa. Pagkat ang Israel ay para kong anak, at si Efraim ang aking panganay.”

Ang Salita ng Diyos!

B –Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 125

B –Gawa ng D’yos ay dakila kaya tayo’y natutuwa!

R. M. Velez



* Nang lingapin tayo ng Diyos at sa Sion ay ibalik, ang nangyaring kasaysaya’y parang isang panaginip. Lahat tayo ay natuwa, masasayang nagsiawit. **B.**

* Ang sabi ng mga bansang nagmamasid sa paligid. “Ang ginawa ng Diyos nila ay dakila, anong rikit!” Dakila ngang masasabi, pambihira ang ginawa, kaya naman kami ngayon, kagalaka’y di kawasa! **B.**

* Kung paanong inuulan yaong mga tuyong batis, sa sariling bayan namin, kami, Poon, ay ibalik. Silang mga nagbubukid na nagtanim na may luha, bayaan mo na mag-aning masasaya’t natutuwa. **B.**

* Yaong mga nagsihayong dala’y binhi’t nananangis, ay aawit na may galak, dala’y ani pagbalik! **B.**

Ikalawang Pagbasa Heb 5:1-6
Sa pagpapatuloy niya sa pagpapakilala kay Hesus bilang punong saserdote ng Bagong Tipan, binibigyang-diin ng may-akda ng siping ito ang pagkakatulad ni Hesus sa mga saserdote ng Matandang Tipan at ang kanyang pagkakaiba sa kanila.

L– Pagbasa mula sa Sulat sa mga Hebreo

Ang bawat dakilang saserdote’y pinili sa mga tao at itinalagang maglingkod sa Diyos para sa kanila upang maghandog ng mga kaloob at mga hain dahil sa mga kasalanan.

Mahinahon niyang napakitunguhan ang mga mangmang at naliligaw ng landas, sapagkat siya’y mahina rin. At dahil sa kanyang kahinaan, kinakailangang siya’y maghandog ng hain, hindi lamang para sa kasalanan ng mga tao kundi para sa kasalanan din niya.

Ang karangalan ng pagiging dakilang saserdote ay hindi maaaring kamtan ninuman sa kanyang sariling kagustuhan. Ang Diyos ang humihirang sa kanya, tulad ng pagkahirang kay Aaron. Gayon din naman, hindi si Kristo ang nagtaas ng kanyang sarili sa pagiging dakilang saserdote. Siya’y hinirang ng Diyos na nagsabi sa kanya, “Ikaw ang aking Anak, Ako ang iyong Ama.” Sinasabi rin niya sa ibang bahagi ng Kasulatan, “Ikaw ay saserdote magpakailanman, ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec.”

Ang Salita ng Diyos!

B –Salamat sa Diyos!

Aleluya

B –Aleluya! Aleluya!

Si Kristo ay nagtagumpay, nalupig ang kamatayan, nagingning ang pagkabuhay. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mc 10:46-52
Ang pagpapabalik ng paningin kay Bartimeo ay nagpapatunay ng pambihirang kapangyarihan ni Hesus na magpangaling

at ng kanyang bukas-palad na kahandaang tumulong sa mga nangangailangan. Ngunit para makalaspang ng gayon niyang kapangyarihan, kailangan muna ang pananalig na kasing lalim ng kay Bartimeo.

P – Sumainyo ang Panginoon!

B – At sumaiyo rin!

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, dumating si Hesus sa Jerico, kasama ang kanyang mga alagad at marami pang iba. Nang umalis na sila roon, may naraanan silang isang bulag na nakaupo sa tabi ng daan at namamalimos. Siya’y si Bartimeo, anak ni Timeo.

Nang marinig niyang naroon si Hesus na taga-Nazaret, sumigaw siya ng ganito: “Hesus, Anak ni David, mahabag po kayo sa akin!” Pinagsabihan siya ng mga tao at pinatatahimik, ngunit lalo pa siyang nagsisigaw, “Anak ni David, mahabag po kayo sa akin!”

Tumigil si Hesus at kanyang sinabi, “Tawagin ninyo siya.” At tinawag nga nila ang bulag, “Lakasan mo ang iyong loob,” sabi nila. “Tumindig ka. Ipinatatawag ka niya.” Iniwaksi niya ang kanyang balabal, paluksong tumayo at lumapit kay Hesus. “Ano ang ibig mong gawin ko sa iyo?” tanong sa kanya ni Hesus. Sumagot ang bulag, “Guro, ibig ko po sanang makakita.” Sinabi ni Hesus, “Humayo ka; magaling ka na dahil sa iyong pananalig.” Noon di’y nakakita siya, at sumunod kay Hesus.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni

Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Mga kapatid, si Hesus ay nagpakita ng matinding awa at habag sa mga makasalanan at mahihirap. Kung kaya ating ipagdasal na tayo rin, tulad ni Bartimeo, ay gumaling sa ating pagkabalug at kawalan ng malasakit sa mga dukha, lalo na sa ating mga kapatid na nakakulong. Ang ating itutugon ay:

B – Panginoon ng Liwanag, Pagalingin Mo kami!

* Para sa Simbahan. Gabayan po Ninyo si Papa Francisco, mga Obispo, pari, at inilaan bilang instrumento ng Iyong pag-ibig. Nawa’y tulungan nila ang aming mga kapatid na nakabilanggo at mga pinagkaitan ng kalayaan na maging imahe ng Panginoon. Manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Dalangin namin na ang mga awtoridad ng BJMP, BUCOR, mga gobernador, at mga tagapangasiwa ng piitan ay maging maha-bagin sa mga PDL, maglingkod nang may malasakit, at gumawa ng mas mabuting hakbang para sa kanilang kapakanan. Manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Para sa Jail and Prison Chaplains at Volunteers in Prison Service (VIPS) sa buong bansa, hinihiling namin ang inyong patnubay at proteksyon sa kanilang paglilingkod sa PDL at kanilang pamilya, upang maging instrumento ng reporma at muling pagbabalik sa lipunan. Manalangin tayo sa Panginoon.

B.

* Para sa mga PDL, nakulong,

at pinatawad: Nabubuhay sila sa maraming hirap. Panginoon, ikaw ay inusig na inosente; ibuhos Mo ang iyong awa upang sila’y aliwin, magbago, at maghanda sa kalayaan. Pagpalain ang kanilang pagkakasundo. Manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Para sa mga nasa kulungan na namatay sa huling pandemya. Tinawag mo sila mula sa sakit ng pagkakulong. Idinadalangin namin ang mga bilanggo na ito, na bigyan mo sila ng maawaing paghatol at walang hanggang kapahingahan at gantimpala. Manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Ipagdasal natin ang ating pansariling hangarin. (Saglit na katahimikan.) Manalangin tayo sa Panginoon!

B.

P – Amang mapagmahal, alam namin na ikaw ay nalulugod kapag kami ay bumabaling sa iyo. Hipuin mo at pagalingin ang aming mga kapatid na bilanggo at tulungan silang mamuhay ng bagong buhay, sa pamamagitan ni Kristo, aming Panginoon.

B – Amen!



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, pakundangan sa haing kaligtasan na ngayo’y isinasagawa sa pag-aalay namin dito sa Iyong dambana ipagkaloob Mong ang mga nasa piita’y makalaya sa ikapagkakamit nila ng kaligtasang laging pinipithaya sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo I

P – Sumainyo ang Panginoon!

B – At sumaiyo rin!

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B – Itinaas na namin sa Panginoon!

P –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

B –Marapat na siya ay pasalamatan!

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa dakilang pagtubos niya sa amin ang kasalana't kamatayang aming pasanin ay binalikat niya upang kami'y palayain at maitampok sa iyong luningning. Siya ang nagtanghal sa amin bilang liping hinirang, pari at haring lingkod sa iyong kamahalan. Mula sa kadiliman, kami'y iyong tinawag upang makasapit sa iyong liwanag bilang iyong angkang may tungkuling maglahad ng iyong dakilang pag-ibig sa lahat.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B – Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis

ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Magiging kaligayahang aming pakikinabangan ang iyong pagtagumpay. Panginoon, ang 'yong ngalan ay aming papupurihan.

Panalangin Pagkapakinabang

P – Ama naming mapagmahal, sa pag-alala naming sa naging halaga ng aming kalayaan kami'y nagmamakaawa para sa mga kapatid naming nasa piitan upang sila'y makalaya bilang mga lingkod ng Iyong katarungan sa pamamagitan ni Hesukristo Kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan

B – Amen!

PAGWAWAKAS



P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin!

P – Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Manahimik saglit.)

Pagpalain nawa kayo ng Diyos sa lahat ng paraan at pagkalooban kayo ng kapayapaan sa buong buhay ninyo.

B – Amen!

P – Iligtas nawa Niya kayo sa lahat ng alalahanin at tibayan ang inyong mga loob sa Kanyang pagmamahal.

B – Amen!

P – Kayo nawa'y maging mga kasangkapan ng Kanyang pag-ibig at habag sa lahat ng nangangailangan ng tulong.

B – Amen!

P – At pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P – Humayo kayo sa kapayapaan upang ibigin at paglingkuran ang Panginoon.

B – Salamat sa Diyos!

**Listen to
BISPERAS SA
VERITAS
(846 KHZ)
Saturdays
5:00 - 6:00 P.M.**

SPECIAL



WALL CALENDARS

May gabay sa pagbasa at santo sa bawat araw. (Personalized pictures for bulk orders.)

BILI NA!
Mabibili sa
**WORD AND LIFE
PUBLICATIONS**



**WORD AND LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word And Life Publications

• Editorial Team: Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua

KALINGA, LINGAP, HANAP

Kalakbay at Katoto

Nais kong isipin na isa sa maraming hiblang lumulutang sa mga pagbasa ngayon ay ang maigting at mainit na kalinga na mula sa Diyos. Ang kalingang ito ay nakita natin sa mainit na pagtingin at pangangalaga para sa mga “nalabi sa Israel.” Nadarama natin ito sa pagsisikap ng Diyos na “tipunin ang kanyang bayan mula sa sulok ng sanlibutan.” Nakikita natin ito sa kanyang pagbubukod-tanging pagmamatyag sa mga “bulag at mga pilay, at mga inang may pasusuhin.” Damang-dama natin ito sa pagtuturing Niya kay “Israel na para Niyang anak,” at kay Efraim bilang Kanyang “panganay.”

Kalinga . . . ito ang hanap natin lahat. Kalinga . . . ito ang inaasam ng milyong nagdurusa pa rin magpahangga ngayon dahil sa baha, bagyo, at laganap na korupsiyon sa ating pamahalaan, sampu ng paniniil ng dambuhalang bansa sa atin. Kalinga . . . ito ang pangarap, pithaya, at sanghaya ng puso ng bawat Pinoy.

Kalinga . . . ito ang magandang balitang hatid ng liturhiya sa araw na ito. Ito ang ating hanap . . . Totoo . . . at ito ang lingap na pahatid sa atin ng Diyos. Sa Kaniyang pagkakalinga na ipinamalas hindi lamang kay Israel at Efraim, atin ngayong bukambibig: “**Gawa ng Diyos ay dakila kaya tayo’y natutuwa!**” (Salmong Tugunan).

Lingap . . . ito ang buod ng ikalawang pagbasa. Ang lingap at kalinga ng Diyos ay naging makatotohanan sa katauhan ni Kristong dakilang saserdote. “*Itinalaga siyang maglingkod sa Diyos*” at para sa tao. Hinirang siya at itinalaga ng Diyos na nagsabi: “*Ikaw ang aking Anak, Ako ang iyong Ama.*” Lingap ng Diyos na nagmahal nang sapat sa Kanyang bayan, upang isugo ang kanyang bugtong na Anak, para sa ating kaligtasan.

Lingap at kalinga ang hanap ng marami ngayon, kung kailan ang Pilipinas ay parang siniphayo ng tadhana. Tila tinikis ng kapalaran ang bayan natin, na nagdaan at nagdadaan pa rin sa hagupit ng kalikasang nag-aalboroto. Lingap at kalinga ang hanap natin sa lipunan, na nakilala sa maraming taon bilang “*el pueblo amante de Maria,*” ang bayang umiibig kay maria, isang bayang natanghal sa pamilya ng mga bansa bilang bayang tinaguriang “*el pueblo Filipino te da su corazon*” . . . isang bayang nag-alay ng puso sa Diyos mula pa sa mga nagdaang maraming taon.

Hanap . . . Tulad ni Bartimeong bulag na naghanap nang masinsin sa Panginoon, palahaw ang ating sigaw sa Panginoon sa oras ng panganib at pagsubok: “*Jesus, Anak ni David, mahabag po kayo sa akin!*” Nguni’t ang naghanap ang siyang natagpuan ng hinahanap . . . Tumigil si Jesus at ipinatawag ang naghahanap at nagwika: “*Humayo ka; magaling ka na dahil sa iyong pananalig.*”

Hindi lamang mga bahay at kabuhayah ang napinsala ng baha. Hindi lamang mga daan at mga gusali ang sinira ng bagyong Carina. Nawasak rin ang batayan ng ating kakayahang panatilihing matatag ang pananampalataya at pag-asa natin sa Diyos at sa sarili. Nagapi ng malagim at malungkot na katotohanan ng malawakang paghihirap ang kapanata-

gan ng kalooban at pananalig sa Diyos na mapagkalinga at nagbibigay-lingap sa atin hanggang ngayon . . . sa kabila ng maraming pagdurusa.

At dito papasok ang magandang balita . . . Ang magandang balita ng kaligtasan ay hindi dapat unawaing wala nang paghihirap, wala nang pagdurusa, at wala nang pagdududa. Ang magandang balita ay hindi lamang para sa ngayon at dito sa mundong ibabaw. Ang magandang balita ay may kinalaman sa dakilang panawagan ng Diyos sa isang kinabukasang dakila na hindi makakamit sa daigdig na ito.

At ang magandang balita ay may kinalaman sa malalim at batayang kahulugan ng mga nagaganap sa buhay ng tao, maging ang kahulugan na dapat natin mapulot sa gitna ng lahat ng kapaitang nagpapababa sa antas ng pag-asa ng bayang Pilipino. Ito ang katotohanang moral na mahirap man at mapait man pakinggan, ay siyang maghahatid sa tunay na kalayaan, at kaligtasan.

Isa sa mga katotohanang moral na hatid sa atin ng mapait na karanasan sa mga nagdaang mga buwan ay walang iba kundi ito . . . **Ang pagdurusa ay bunga ng kasalanan ng tao. Ang kamatayan ay bunga ng kasalanan.** At ang pagbabago ng takbo ng klima ay hindi isang pag-aalboroto ng kalikasan tulad ng isang juramentadong bigla na lamang nawala sa sarili at nagwalang-hiya. Bunga ang lahat ng ito ng kasakiman, katakawan, pagkamakasariili, at kawalan ng wastong pangangalaga sa kalikasan.

Nguni’t sa kabila ng katotohanang ito, ang kabilang mukha ng katotohanan ay namamalas din natin. Ang katotohanang tayo ay may kakayahang bumangon sa pagdurusa at makapagpakita ng pagkalinga, lingap, at pangangalaga sa isa’t isa. Sa kabila ng paghahanap natin sa kariwasan at katiwasayan ng buhay, naaantig ang damdamin natin tuwing sasapit ang mga trahedya. Lumilitaw ang napakaraming bayaning sa ating wari ay walang pansin at walang pakundangan at walang pahalaga sa kapwa. Naglalabasan ang mga taong salat na salat rin sa mga pangunahing pangangailangan, nguni’t nanduon sila na nag-aalay ng kanilang angking yamang hindi mabibigyang-halaga – ang kanilang sarili.

Hindi pa huli ang lahat. Hindi pa lubusang naglalaho ang lahat ng yamang taglay ng bayang Pinoy. Kalinga ng Diyos ay nagkakabuhay sa lingap ng kaloob natin sa isa’t isa – sa pamamagitan ng bayanihan. Hanap man natin ang kariwasan at kagaanan o alwan sa buhay, handa pa rin tayong magtiis, magbata ng dagdag pang hirap, at magpasan ng krus bilang tagasunod ni Kristo.

Kalinga at lingap man ang hanap; kalinga at lingap ng Diyos rin ang ating ginaganap . . . sa simple at payak na pamamaraan. Bulag mang paapu-apuhap sa dilim, liwanag ng panawagan ng Diyos ang ating hinaharap. At ang hinaharap nating ito ay isang tagubiling malinaw pa sa araw sa tanghaling tapat: “**Humayo ka; magaling ka na dahil sa iyong pananalig.**”